
6

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# FILIPINO

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagbibigay Kahulugan sa Kilos at Pahayag ng mga Tauhan sa Napakinggang Pabula



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino– Ikaanimna Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Pagbibigay Kahulugan sa Kilos at Pahayag ng mga Tauhan sa Napakinggang Pabula**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Teresita S. Silvestre |
| **Editor:** | Abadesa D. Sabordo |
| | Jeriel B. Caracol |
| **Tagasuri:** | Marissa Olilang |
| | Ma. Gemma A. Bimbao |
| | Celestino S. Dalumpines IV |
| **Tagaguhit:** | Jefrry Julian |
| | Swelyn E. Forro |
| **Tagalapat:** | Esmeralda A. Dagmil |
| **Tagapamahala:** | Ma. Gemma M. Ledesma |
| | Salvador O. Ochavo, Jr. |
| | Elena P. Gonzaga |
| | Jerry A. Oquindo |
| | Segundina F. Dollete |
| | Shirley A. De Juan |
| | Merlie J. Rubio |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) (509) 7653
E-mail Address: region6@dep.ed.gov.ph

6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagbibigay Kahulugan sa Kilos at Pahayag ng mga Tauhan sa Napakinggang Pabula

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling: Pagbibigay Kahulugan sa Kilos at Pahayag ng mga Tauhan sa Napakinggang Pabula.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, at ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagbibigay Kahulugan sa Kilos at Pahayag ng mga Tauhan sa Napakinggang Pabula.

Ang modyul na ito ay ginawabilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong ipagpaliban ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*



**K**umusta ka na kaibigan? Naaalala mo pa ba ako? Ako ang iyong kaibigang si Kokoy na makasasama mo sa iyong paglalakbay. Tiyak na matututuhan natin sa araling ito ang tungkol sa pagbibigay kahulugan sa kilos at pahayag ng mga tauhan sa napakinggang pabula.

Pagkatapos ng aralin ikaw ay inaasahang malinang ang kasanayang:

- nabibigyang-kahulugan ang kilos at pahayag ng mga tauhan sa napakinggang pabula **F6PN-lc-19**

## *Subukin*

**K**aibigan! Ipabasa mo nga sa iyong magulang o nakatatandang kapatid ang diyalogo habang ito ay pinapakinggan mo. Unawaing mabuti ang napakinggang diyalogo. Simulan mo na!



**ANG UWAK AT ANG MAYA**

**Uwak:** Maya! Nais kong mapatunayan kung sino talaga sa atin ang pinakamagaling!

**Maya:** Ahhhh! Yon bah? Ano, gusto mong magsubukan tayo ng tapang o kakayahan?

**Uwak:** Kakayahan Maya.

***Nagpaikot-ikot ng lipad si Uwak matapos sagutin si Maya.***

**Maya**: Anong gagawin natin Uwak? Dapat magkasundo tayo sa paligsahang ito.

**Uwak**: Tayong dalawa ay may kakagating patpat habang lumilipad patungo sa kabilang bundok na iyon. Bawal ang magsasalita Maya para manalo sa paligsahang ito.

**Maya**: Payag ako Uwak, at magkatimbang lang dapat ang patpat na kakagatinnatin.

**Uwak**: Oo naman, kaya magsisimula na tayo rito ha! Ayon ang dalawang patpatMaya, iyo ang isa sa akin ang isa.


***Sabay silang nagsimula ng lipad kagat-kagat ang patpat.***

**Uwak:** Dapat matalo ko si Maya, dapat mag-iisip ako kung anoba ang ikatatalo niya. Maya may humahabol saatin! Ay Naku! nahulog ang patpat ko.

**Maya**: Paano iyan, ikaw ang unang nagbalewala ng ating kasunduan na Huwag magsasalita para di-mahulog ang patpat?

**Uwak**: Akala ko kasi kapag tinakot kita na may humahabol sa atin Matatakot ka at mabibitawan mo ang patpat na tangan mo. Patawad Maya hindi ako dapat nag-isip ng masama sa iyo.

**Maya:** Tinatanggap ko na ang paghingi mo ng patawad Uwak. Sige magkaibigan na tayo uli, pareho tayong magaling.



**N**agustuhan mo ba ang pabulang iyong narinig/nabasa? Tiyak ko na nagustuhan mo.

Sagutin mo muna ang mga tanong bago basahin ang iba pang mga pabula. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Pag – unawa sa binasa**

**Panuto:** Basahin at ibigay ang kahulugan ng mga kilos o pahayag ng mga hayop sa sumusunod na pangungusap? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1.“Maya! nais kong mapatunayan kung sino talaga sa atin ang pinakamagaling!” Si Uwak ay ___________.

A. mabait
B. magalang
C. mayabang
D. malungkot

2. “Ahhhh! Yon bah? “Ano gusto mong magsubukan tayo ngtapang o kakayahan”? Si Maya naman ay ___________.

A. palaban
B. masipag
C. maalaga
D. mapagmahal

3. Nagpaikot-ikot ng lipad si Uwak. Si Uwak ay lumipad _____________.

A. palayo
B. palapit
C. taas-baba
D. pabalik-balik


4. “Anong gagawin natin Uwak? Dapat magkasundo tayo sa paligsahang ito,” sabi ni Maya. Si Maya ay humihingi ng _______________.

A. pagdamay
B. pagdaramdam
C. pag-aalinlangan
D. pag-uusap nang maayos

5. Sa isip ni Uwak, dapat matalo niya si Maya, dapat mag-iisip siya kung ano ba ang ikatatalo ni Maya. Si Uwak ay_________________.

A. tuso
B. masaya
C. mahinahon
D. maalalahanin

# Aralin 1 — Pagbibigay Kahulugan sa Kilos at Pahayag ng mga Tauhan sa Napakinggang Pabula



**M**adali ba ang mga tanong na ipinasagot sa iyo? Gusto mo bang malaman kaagad ang ibig sabihin ng mga kilos at pahayag ng isang tauhan sa iyong naririnig na mga pabula? Isang mabisang batayan ng paglalarawan ng tauhan ang ipinapakita nitong kilos at pahayag o pananalita. Ipagpatuloy lang ang pag-aaral upang maunawaan mong mabuti ang aralin sa modyul na ito.



## *Balikan*

**Panuto:** Kilalanin kung anong hayop ang gumagawa nito. Piliin sa ibaba ang tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

| KILOS | PAHAYAG | HAYOP |
|---|---|---|
| 1.humihila ng mabibigat na bagay | malakas | |
| 2.umiiyak kapag may ulan | takot sa ulan | |
| 3.sumusunod sa amo na bantayan ang bahay | matapat | |
| 4.nangunguha ng mga pagkain | gutom | |
| 5.nanunuklaw | galit | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **aso** | **pusa** | **kambing** | **ahas** | **kalabaw** |

## *Tuklasin*



**S**a muli, ipabasa mo sa iyong magulang o kasamahan sa bahay ang pabula habang ikaw ay nakikinig. Sana'y maaliw ka sa nilalaman nito.

**Ang Pamilya Langgam**

May magpamilyanglanggam na sobrang sipag. Araw-araw ay naghahanap sila ng pagkain upang pagdating ng tag- ulan ay may sapat silang makakain. Tuwing lalabas ang magpamilya, naiiwan ang inang langgam. Ang mga anak at ama lamang ang naghahanap-buhay. "Huwag lilihis sa linya upang hindi maligaw," paalala ng ama sa mga anak.

Pagsapit nang hapon ay tinatawag ng ama, isa-isa ang mga anak kung kumpleto sila. "Magaling mga anak, walang naligaw sa ating mga kasama," masayang wika ng ama. "Yeheeey," masayang sigaw ng mga anak.
"O sige mga anak magpahinga na muna kayo ha! Bukas maglalakbay tayong muli, salamat sa tulong ninyo marami tayong naipong pagkain, at mga butil," pahayag ng amang langgam.



**N**agustuhan mo ba ang pabulang binasa sa iyo? Sagutin mo nga ang sumusunod na tanong bago mo ipagpatuloy ang iyong pag-aaral. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng pabula?

2. Sino-sino ang mga tauhan sa pabula?

3. Anong katangian ang nagustuhan mo sa inang langgam?

4. Sa iyong palagay, tama ba ang ginagawa ng ama sa pagpapahanap ng pagkain sa kanyang mga anak?

5. Bakit kaya ginagawa ng mag-ama ang pag-alis sa bahay araw-araw?

**S**a narinig mong pabula may mga kilos ng tauhan kang napansin di ba? Ano-ano ba ang ibig sabihin ng mga ito? Tingnan nga natin kung kaya mong sagutin ang mga sitwasyon sa ibaba.



**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod ayon sa kilos at pahayag ng mga tauhan sa narinig na pabula. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Walang tigil sa paggawa ang pamilyang langgam. Anong kaugalian ang ipinakita ng pamilya langgam ayon sa kilos nila?
   A. pagkamasipag
   B. pagkamatulungin
   C. pagkamasunurin
   D. pagkamatipid


2. Tuwing lalabas ang magpamilya, naiiwan ang inang langgam. Ano ang kahulugan ng kilos ng tauhan mula sa pabula?
   A. tamad
   B. lagalag
   C. masayahin
   D. maasikaso sa bahay

3. “Huwag lilihis sa linya, upang hindi maligaw,” paalala ng ama sa mga anak. Ang ama ay isang _______
   A. masipag

B. palautos
C. malungkot
D. maalalahanin

4. Pagsapit ng hapon ay tinatawag ng ama isa-isa ang mga anak kung kumpleto sila. Anong ibig sabihin ng tinatawag isa-isa ayon sa kilos ng mga langgam?
   A. kinokolekta ang mga langgam
   B. hinahayaan lang ang mga langgam
   C. pinaparusahan ang mga langgam
   D. tiningnan kung kumpleto ang mga langgam

5. "Salamat sa tulong ninyo, marami tayong naipong pagkain at mga butil," pahayag ng amang langgam. Anong kahulugan ng kilos ng mga langgam batay sa napakinggang pabula?
   A. pagpapasalamat
   B. pagpupuri
   C. pagdadakila
   D. pagbibigay



Nahihirapan ka pa ba sa ating aralin ngayon? Huwag mabahala. Ipagpatuloy lang ang ginagawa upang lalong mapayabong ang iyong kaalaman tungkol dito. Halina't ipagpatuloy natin.

Humingi ka ng tulong upang may bumasa ng mga susunod pang mga pabula habang ikaw ay nakikinig nang mabuti.

## *Suriin*

**GAWAIN 1**

**Panuto:** Basahin ang mga nakalahad na sitwasyon mula sa napakinggang pabula. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kasunod nito. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

**Ang Ahas**

"Takbo!!! Dali! Sumunod kayo sa akin," sigaw ni kabayo. "Naku! Sandali, di ka namin kayang sabayan kabayo ang bilis-bilis mo," sagot ni baboy at kalabaw. "Ha? Basta sumunod kayo," wika ni kabayo. "Takbo, nandiyan na si ahas," sagot ni baboy at kalabaw.

Si manok naman ay lumipad nang mabilis para hindi maiwan.

"Buti pa si manok mabilis. Ako talaga ang maiiwan kasi mabigat ako," ang sabi ni baboy.

"Sakay sa likod ko baboy," payo ni kabayo, "para makarga kita."

"Ay, salamat kaibigan," malaking pasasalamat ni baboy.

"Takbo nang mabilis kalabaw," sigaw ni kabayo, "Lagot tayo kay ahas kapag naabutan niya tayo. Nangangagat kaya iyon at nakamamatay pa ang kamandag. Kailangang makalayo tayong lahat."

"Oo nga kaibigang kabayo, salamat talaga ha! sa pagmamalasakit mo sa akin, at sa iba nating kasama," sagot ni kalabaw na binilisan ang takbo.

1. "Takbo! dali, sumunod kayo sa akin", sigaw ni kabayo.
Ano ang kahulugan ng kilos ng mga tauhang nabanggit sa pabula?

   A. mabagal na pagkilos
   B. malumanay na pagtakbo
   C. may kabagalang pagtakbo
   D. napakabilis tumakbo

2. "Naku! sandali! Hindi ka namin kayang sabayan, kabayo, ang bilis-bilis mo," sagot ni baboy at kalabaw. Ano ang kahulugan ng kilos na nasa sitwasyon sa pabula? Sobrang ____________.
   A. maliksi tumakbo
   B. mabagal tumakbo
   C. mahinhin tumakbo

D. mabilis tumakbo

3. Si manok naman ay lumipad nang mabilis upang hindi maiwan. Anong ibig sabihin ng kilos ni manok sa napakinggang pabula? Siya ay _____
    A. iniwanan
    B. naabutan
    C. nakasabay
    D. hindi nakasabay
4. “Sakay sa likod ko baboy para madala kita,” sigaw ni kabayo. Ayon sa sitwasyon ano ang kahulugan ng kilos ng tauhan?
    A. pag-alala sa kasama
    B. pagpapabaya sa kasama
    C. pagpapasalamat sa kapuwa
    D. pagwawalang bahala sa kasama
5. “Lagot tayo kay ahas kapag naabutan niya tayo. Nangangagat kaya iyon at nakamamatay pa ang kamandag. Kaya kailangan makalayo tayong lahat.” Ayon sa pahayag ng tauhan sa sitwasyon, ano ang kahulugan ng kilos ng kabayo, baboy, manok at kalabaw?

    A. pagmamahalan
    B. pagmamalasakit
    C. pagkakasama-sama
    D. Pagwawalang-bahala



**K**umusta mahal kong mag-aaral? Nalibang ka ba sa iyong pakikinig? Madali lang ba sa iyo ang pagbibigay kahulugan sa mga kilos at pahayag ng mga tauhan sa pabula?

**A**lam mo ba na ang pagbibigay ng tamang kahulugan sa kilos o pahayag ng isang tauhan ay maaaring malalaman sa pamamagitan ng pag-unawa kung ano ang kaniyang ikinikilos, paano ito nagsasalita at kung paano nagpapakita ng kaniyang naging reaksiyon sa mga sitwasyon sa kuwento.



## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

**Panuto:** Ipabasa sa iyong magulang o nakatatandang kapatid ang pabula habang nakikinig ka.

**Sa Kagubatan**

**Tigre:** Kaibigang Leon sino kaya ang susunod na hari ng kagubatan?

**Leon:** Ewan ko kaibigang Tigre, pero sana ako na kasi kaya ko naman di ba?

**Tigre:** Sige kaibigan, magtunggali tayo, kung sinong panalo iyon ang imumungkahi natin sa hari na ipalit na bagong hari ng gubat.

**Aso**: Sige ako ang magiging tagahatol ninyo.

**Leon**: Nanlilisik ang mga mata nito dahil determinadong manalo.

**Tigre:** Grrrrrrrrr (sabay sunggab kay Leon).

**Leon:** Rrrrr! Rrrrrr! Rrrrr! (malakas na ungol ni Leon).

**Uwak 1**: Wak! wak! wak! Bahhh! nag-aaway sina Leon at Tigre.

**Uwak 2**: Wak wak wak, oo nga! Hahaha! mukhang may makakain tayo.

**Leon**: Anong nasa itaas?

**Tigre**: Aba! mukhang tuwang-tuwa sina uwak.

**Leon**: Oo nga, kasi kung sino ang matutumba sa atin siguradong kakainin nila.

**Tigre**: Huwag na tayong mag-away para wala silang makain.

**Leon**: Oo nga! kaibigan, bahala na kung sino ang susunod na hari ng kagubatan.

**Aso:** Magaling kayong dalawa…..aw !aw!aw!

**Panuto:** Piliin ang kahulugan sa katapat na kahon. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

| KILOS |
| --- |
| 1. umuungol ang Leon |
| 2. umaatungal ang tigre |
| 3.tumatahol ang aso |
| 4. humalakhakang uwak |
| 5. palinga-linga sa paligid si uwak |

**KAHULUGAN**

galit

nag-aalala

natutuwa

nagugutom

napapagod

**Gawain 2**

**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng katangiang nabanggit sa bawat bilang batay sa mga isinasaad na kilos. Isulat sa iyong sagutang papel ang iyong sagot.

1. Inayos ni ibon ang mga gamit ng kaniyang nakababatang sisiw na nagkalat sa sahig.
    A. masipag
    B. matulungin
    C. burara sa gamit
    D. maayos sa mga gamit

2. Nagdarasal muna ang mag-anakna ibon bago kumain.
    A. Makatao
    B. Maka-Diyos
    C. Makabansa
    D. makakalikasan

3. “Maghugas kayo ng kamay bago kumain,” utos ng inang ibon sa mga sisiw nito.
    A. Masipag
    B. Matiyaga
    C. matulungin
    D. Maalalahanin

4. “Maraming salamat sa mga tulong,” banggit ni Amang ibon sa mga kasama sa paglilinis ng paligid.
    A. mapagtimpi
    B. mapag-unawa
    C. mapagpasalamat
    D. mapagpakumbaba

5. “Hindi ko makalilimutan ang ibinigay ninyong halaga sa pagpapagamot ng aking ina,” nabanggit ni Amang ibon sa mga kasama sa trabaho.
    A. pagkamasinop
    B. pagpapasalamat
    C. pagpapakumbaba
    D. pagtanaw ng utang na loob



## *Isaisip*



**A**ng katangian at ugali ng isang tauhan ay makikita sa kaniyang pananalita at pagkilos. Dapat mo itong unawaing mabuti upang mabatid mo ang mga kahulugan ito

**Panuto:** Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag upang maibahagi mo ang iyong natutuhan sa araling ito. Kopyahin at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| |
|---|
| Mahalagang matutuhan ang pagbibigay ng tamang kahulugan sa kilos o pahayag ng isang tauhan dahil ______________________________________________ |



## *Isagawa*

**Panuto:** Ipabasa sa iyong magulang o nakatatandang kapatid ang pabula habang nakikinig ka.

“Ano na naman ang ginawa mo daga?” sigaw ni pusa kay daga. “Bakit dinumihan mo ang gamit ni aso? hala ka,” pagbabanta ni pusa kay daga. Walang nagawa si pusa, maingat niyang inayos ang mga gamit ni aso. “Pabayaan mo nga diyan, buti nga sa asong iyan,” pagmamayabang ni daga. “Huwag ka ngang ganiyan, alalahanin mo kaibigan natin si aso,” pagpapaliwanag ni pusa. Inayos niya isa-isa ang mga gamit ni aso. Tiniklop niya nang maigi ang mga damit nito at iba pang mga kagamitan ni aso.

Dumating si aso at agad niyang hinanap ang mga kaibigan. Nakita niya ang larawan ng Panginoon sa may sala, huminto siya at matamang nagdasal ng pasasalamat. Nakita niya si pusa na naglilinis ng kanilang bahay. Ipinagmamalaki niya ang kaibigan sa lahat dahil minsan man hindi niya binilang ang ginawang tulong sa kaniya.

**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng katangian ng tauhang nabanggit sa pabula batay sa isinasaad na kilos nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. “Bakit dinumihan mo ang gamit ni aso? Hala ka!” pagbabanta ni pusa kay daga.
    A. pagpapaalala
    B. pagbabanta
    C. pagsisigaw
    D. pagkagalit

2. Maingat na inayos ni pusa ang mga gamit ni aso.

A. mabait
B. maayos
C. matulungin
D. maalalahanin

3. “Huwag ka ngang ganiyan,” sagot ni pusa.
   A. pinapagalitan
   B. pinaalalahanan
   C. pinakikinggan
   D. pinaparusahan
4. “Alalahanin mo kaibigan natin si aso,” pagpapaliwanag ni pusa.
   A. pagkampi
   B. pagtatanggol
   C. pagpapaalala
   D. pagpapaliwanag
5. “Buti nga sa asong iyan,” pagmamayabang ni daga.
   A. nag-alala sa kapuwa
   B. nagkagusto sa kapuwa
   C. nabagot sa kapuwa
   D. nang-api sa kapuwa



## *Tayahin*

Ipabasa sa magulang o nakatatandang kapatid ang pabula. Makinig at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Ang Pamamasyal**

***Nagkita-kita ang magkaibigang pusa sa plasa.***
**Jupit**: Satur, Mercu punta tayo sa parke.

**Satur:** Sige! Matagal ko nang gustong maglaro doon.

**Jupit**: Ikaw Mercu gusto mong sumama?

**Mercu**: Oo, sige kaya lang baka hindi ako payagan ng nanay.

**Satur:** Mamayang hapon pa tayo pupunta.!

**Mercu**: Sige! Pero gawin muna natin ang ating mga takdang-aralin bago maglaro.

***Sa parke.....***

**Mercu**: Dito ako sa *swing*, hahaha.

**Jupit**: Sige, dito naman ako sa *slide*, wow!!! ang sarap magpadulas. Hahaha.

**Satur:** Okey, sa *seesaw* naman ako, hahaha! Sana maulit pa ito mga kaibigan.

**Jupit**: Sige basta wala lang tayong maraming gawain sa atin.

**Mercu:** Oo, naman Jupit at Satur, kasi kailangan din nating tulungan ang ating mga magulang sa mga gawaing bahay.

**Satur:** Ay oo, kaibigang Mercu at Jupit, sa amin pagagalitan ako kapag hindi napakain ang aming aso.

**Jupit:** Paalam kaibigan sa susunod gawin na natin ang mga gawain sa bahay, nang maaga tayong makapaglaro uli.

**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng mga kilos o pahayag ng mga tauhan sa napakinggang pabula. Piliin ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| **A. nasasabik** | **D. matulungin** |
| **B. natutuwa** | **E. nalulungkot** |
| **C. nag-aalala** | |

1. Humahangos na inanyayahan ni Jupit ang mga kaiibigan na maglaro sa plasa.
2. Pumalakpak na sumang-ayon sina Mercu at Satur kay Jupit.
3. Nagsisisigaw sa saya si Mercu habang dumuduyan siya sa swing.
4. Taas-kamaynaman si Jupit habang pumapadausdos sa*slide.*
5. Nagdalawang isip si Mercu baka hindi siya payagan ng mga magulang.
6. “Sige matagal ko nang gustong maglaro doon.” wika ni Mercu.
7. “Ay oo kaibigang Mercu at Jupit, sa amin pagagalitan ako kapag hindi napakainangaming aso.” sabi ni Satur.
8. “Sige, dito naman ako sa *slide*, wow!!! ang sarap magpadulas.,” sabi ni Jupit.

9. “Sige! pero gawin muna natin ang ating mga takdang-aralin bago maglaro,” sambit naman ni Mercu.
10. “Oo, sige kaya lang baka hindi ako payagan ng nanay?” wika ni Mercu.

## *Karagdagang Gawain*



Ipabasa sa magulang o nakatatandang kapatid ang pabula. Makinig at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Ang Aso**

“Aw! Aw! Aw!” Malakas na tahol ng aso na parang di mapakali.” “Tulong! Tulong! maawa kayo sa akin, gutom na gutom na ako.” pagmamakaawa ni aso. Sa di kalayuan ay narinig ng pusa ang panaghoy ng aso. Pinuntahan niya ito. “Anong nangyari sa ‘yo, bakit ganiyan ang itsura mo?” pagtatanong ng pusa. “Bigyan mo naman ako ng pagkain, kaibigang pusa,” mangiyak-ngiyak na pagsamo ng aso.

Labis na awa ang nadama ni pusa sa aso. Nilisan niya ang lugar. Bumalik siyang may bitbit na pagkain. Lumaki ang mga mata ni aso, hindi siya makapaniwala na tutulungan siya ng pusa. Mula noon naging magkaibigan na ang aso at pusa.

**Panuto:** Bigyang kahulugan ang mga kilos ng tauhan batay sa sitwasyon sa pabulang narinig. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. “Aw, aw, aw!” malakas na tahol ng aso na parang di-mapakali.

   A. nag –aalala

   B. nagmamadali

C. humihingi ng tulong

D. nagmamakaawa

2. “Tulong! Tulong! maawa kayo sa akin, gutom na gutom na ako.” sabi ni aso.

   A. pagpapansin

   B. pagmamadali

   C. pagmamakaawa

   D. paghingi ng tawad

3. Narinig ng pusa ang panaghoy ng aso.

   A. pagsisi

   B. pagka-inis

   C. pagkabahala

   D. pagtataka

4. “Anong nangyari sa iyo, bakit ganiyan ang hitsura mo?”

   A. pagka-inis

   B. pagkabahala

   C. pagtataka

   D. pagsisisi

5. Binigyan ng pagkain ni pusa si aso.

   A. pagkaawa

   B. pagbahala

   C. pagkatakot

   D. pagkasuplado



Binabati kita kaibigan, sapagkat natapos at napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Nakatitiyak akong magagamit mo ang iyong napag-aralan sa pang – araw – araw napamumuhay.

Muli tayong magkita sa **Modyul 5: Pagbibigay Kahulugan ng mga Sawikain**. Ito ang iyong kaibigan na si Kokoy, Paalam!

# Susi sa Pagwawasto

**KARAGDAGANG GAWAIN**

1. A
2. C
3. C
4. B
5. A

**TAYAHIN**

**Gawain A**

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. A |
| 2. B | 7. C |
| 3. B | 8. B |
| 4. B | 9. C |
| 5. C. | 10. C |

**TAYAHIN**

**Gawain A**

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. A |
| 2. B | 7. C |
| 3. B | 8. B |
| 4. B | 9. C |
| 5. C. | 10. C |

**SURIIN**

1. D
2. D
3. C
4. A
5. B

**ISAGAWA**

1. B
2. B
3. B
4. C
5. D

**ISAISIP**

Mahalagang matutuhan ang pagbibigay ng tamang kahulugan sa kilos o pahayag ng isang tauhan dahil ito'y nagbibigay kaalaman sa akin kung paano ko mauunawaan ng madali ang kaniyang damdamin at gustong ipahiwatig kahit hindi man niya diretsahang sabihin.

**PAGYAMANIN**

| GAWAIN 1 | GAWAIN 2 |
|---|---|
| 1. galit | 1. D |
| 2. galit | 2. B |
| 3. nag-aalala | 3. D |
| 4. natutuwa | 4. C |
| 5. nag-aalala | 5. D |

**BALIKAN**

1. kalabaw
2. kambing
3. aso
4. pusa
5. ahas

**SUBUKIN**

1. C
2. A
3. D
4. D
5. A

## *Sanggunian:*


- *Most Essential Learning Competencies 2020 MELCs– F6PN-Ic-19 pahina 221*
- *2016 K-12 Curriculum in Filipino 6*
- *LR Portal*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph